# Ang mga Diskurso ng Araling Pilipino na Umiiral sa mga Artikulo ng *Malay Journal* (The Discourses of Philippine Studies in the Articles of *Malay Journal)*

Leslie Anne L. Liwanag, Ph.D.
Visayas State University
leslie.liwanag@vsu.edu.ph

May L. Mojica, Ph.D.
De La Salle University - Dasmariñas
mlmojica@dlsud.edu.ph

F.P.A. Demeterio III, Ph.D.
De La Salle University
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

## Abstrak

Nakabatay ang papel sa paninindigang may limang iba't ibang diskurso ang araling Pilipino: 1) ang araling Pilipino bilang isang neutral na diskurso; 2) ang kolonyal na araling Pilipino bilang isang diskursong nakabatay sa kapangyarihan ng kanluran at nagpapatibay sa nasabing kapangyarihan; 3) ang generic na postkolonyal na araling Pilipino bilang diskursong pumuna sa hegemonya ng kanluran; 4) ang Pilipinolohiya bilang isang tiyak na postkolonyal na diskursong pinasinayaan ni Prospero Covar; at 5) ang pantayong pananaw bilang isa pang tiyak na postkolonyal na pinasinayaan naman ni Zeus Salazar. Samantala, isang pandalubhasang peryodikal ang *Malay Journal* para sa mga mananaliksik sa araling Pilipinong nagsusulat sa wikang Filipino. Marahil ito na ang pinakarespetadong journal sa wikang Filipino batay sa akreditasyon nito mula sa Commission on Higher Education (CHED) at sa pagkalista nito sa ilang internasyonal na abstracting at indexing na organisasyon. Layunin ng papel na suriin kung ano ang pinakadominanteng diskurso ng araling Pilipino ang nakapaloob sa mga artikulo ng journal na ito. Para maisakatuparan ang nasabing layunin, hinimay ng papel ang 50% na random sample ng mga artikulo mula 2011, kung kailan lubusan nang nabago ang focus ng journal patungong araling Pilipino hanggang 2015, ang kasalukuyang pinakahuling kumpletong taon ng paglalathala ng journal.

Ξ
MABINI REVIEW | VOL. VIII (2019): pages 1-38
© 2019 Liwanag, L.A.L., et. al. | ISSN 2012-2144

Mga Susing Salita: Araling Pilipino, Kolonyal na Araling Pilipino, Postkolonyal na Araling Pilipino, Pilipinolohiya, Pantayong Pananaw, Malay Journal

## Abstract

This paper is founded on the assumption that Philippine Studies has five different discouses: 1) Philippine studies as a neutral discourse; 2) colonial Philippine studies as a discourse that is based on western power and reinforces such power; 3) generic postcolonial Philippine studies as a discourse that critiques western hegemony; 4) Pilipinolohiya as a specific postcolonial discourse that was inaugurated by Prospero Covar; and 5) pantayong pananaw as another specific postcolonial discourse that was inaugurated by Zeus Salazar. *Malay Journal,* on the other hand, is a scholarly periodical intended for researchers in the field of Philippine studies who use the Filipino language. Currently, it is the most respected journal that is exclusively published in Filipino language, based on the fact that it is accredited by the Commission on Higher Education and listed in a number of international abstracting and indexing organizations. This paper intends to establish which among these five discourses of Philippine studies is the most dominant in as far as the articles of the said journal are concerned. In order to attain such goal, this paper analyzed 50% random sample of the articles that were published from 2011, when the journal had completed its shift towards Philippine studies, up to 2015, the present complete year of publication for the said journal.

Keywords: Philippine Studies, Colonial Philipines Studies, Postcolonial Philippine Studies, Pilipinolohiya, Pantayong Pananaw, *Malay Journal*

## Introduksyon

Isang pandalubhasang peryodikal ang *Malay Journal* na inilalathala ng De La Salle University Publication House para sa mga mananaliksik na nagsusulat sa wikang Filipino. Marahil ito na ang pinakarespetadong refereed journal sa wikang Filipino batay sa akreditasyon nito mula sa Commission on Higher Education (CHED) at sa pagkakabilang nito sa listahan ng ilang internasyonal na abstracting at indexing na organisasyon. Sa kasalukuyan, kinikilala ang *Malay Journal* bilang nangungunang publikasyon sa wikang Filipino mula

sa website ng Philippine E-Journals. Matutunghayan sa talahanayan 1 ang unang sampung elektronikong journals sa Pilipinas na kadalasang binibisita ng mga iskolar at mananaliksik sa naturang website:

**Talahanayan 1**

*Talaan ng mga Nangungunang Publikasyon sa Pilipinas na mula sa website ng Philippine E-Journals (mula noong 07 Disyembre 2020)*

| Pangalan ng Journal | Publisher | Bilang ng Pagbisita | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Malay | De La Salle University | 5,805,304 | 1 |
| Ani: Letran Calamba Research Report | Colegio de San Juan de Letran - Calamba | 2,485,321 | 2 |
| The Journal of History | Philippine National Historical Society | 1,813,111 | 3 |
| The Asia-Pacific Education Researcher | De La Salle University | 1,126,274 | 4 |
| Philippine Journal of Psychology | Psychological Association of the Philippines | 1,042,476 | 5 |
| DLSU Business & Economics Review | De La Salle University | 1,038,628 | 6 |
| International Rice Research Notes | International Rice Research Institute | 1,009,566 | 7 |
| Asia-Pacific Social Science Review | De La Salle University | 986,151 | 8 |
| Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research | Lyceum of the Philippines University - Batangas | 951,042 | 9 |
| JPAIR Multidisciplinary Research Journal | Philippine Association of Institutions for Research | 938,941 | 10 |

Pinatutunayan ng datos na ito ang malaking agwat ng *Malay Journal* sa iba pang publikasyon. Mula rito, masasabing matingkad na indikasyon ito na ang mga nilalaman at dinidiskurso ng mga pananaliksik na inilalathala ng nasabing journal ay kapaki-pakinabang at umuugnay sa mayaman at multidisiplinaryong pag-aaral sa Araling Pilipino.

Pinasinayaan ang nasabing journal noong 1983, nagsasaad ang lumang deskripsyon nito na isa itong "multi-disiplinari" na peryodikal

"sa Filipino" na "nagtatampok. . . ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina." Malinaw na nakatungtong ang ganitong deskripsyon sa adhikaing intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Kaya tumanggap ang nasabing journal ng mga artikulong mula sa kahit anong paksa at disiplina basta nakasulat ang mga ito sa wikang Filipino para maiangat ang kakayahan ng nasabing wikang tumayo bilang midyum ng talakayan at pag-iisip ng anumang akademiko at intelektwal na larangan. Taong 2009 unang nagpalabas ang Commission on Higher Education ng memorandum (CMO 13, Series of 2009) tungkol sa akreditasyon ng mga journal sa bansa. Sinubukan ng Pamantasang De La Salle na isailalim ang *Malay Journal* sa nasabing akreditasyon. Sa kasamaang palad, hindi nakuha ng journal ang inaasahang akreditasyon sa dahilang wala umano itong malinaw na focus.

Ito ang dahilan kung bakit noong 2010, nagpasya ang Pamantasang De La Salle na higpitan ang saklaw ng *Malay Journal*. Kaya nagsaad ng bagong deskripsyon ang nasabing journal na isa itong "multi/interdisiplinaryong journal" na "nagtatampok...ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media." Mula 2011, malinaw na araling Pilipino na ang focus ng nasabing journal. Bunsod ng pagbabagong ito, nakuha ng *Malay Journal* ang akreditasyon mula sa Commission on Higher Education noong 2012.

Bago maisakatuparan ang papel, naninindigan ang proyekto tungkol sa patuloy na pag-unlad ng Araling Pilipino sa pambansa at pandaigdigang antas. Nagsimula ang Philippine Studies noong 1900s bilang pag-aaral ng lipunan at kultura ng Pilipinas noong panahong nasa ilalim pa ng Estados Unidos. Naging pangunahing gawain ang pagsasalin ng mga dokumento mula wikang Kastila patungong wikang Ingles (Aquino sa *How Philippine Studies Began*). Datapwat ipinroblematisa ang pakahulugan sa Philippine Studies dahil sa pinagsamang mga kolonyal na diskurso ukol sa imperyal na proyekto ng mga dayuhan sa Pilipinas; sa pagbasa sa kasaysayang politikal ng Pilipinas gamit ang kani-kanilang oryentalismong pananaw; at sa pag-aakalang ang lahat ng isinulat ng mga Pilipino ang magpapalaya sa mga mamamayan mula sa kolonyalismo at oryentalismo, nanindigan na maiposisyon ang Philippine Studies bilang isang kritikal na perspektiba at postkolonyal na diskurso dahil sa "binuo" ang "konstrak" ng Pilipino

bilang "ontolohikal na iba" na may layuning makalikha ng nagsasariling identidad na hiwalay sa gahum ng kolonyal na perspektiba (Patajo-Legasto sa *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?).*

Nagsagawa rin ng komprehensibong rekonstruksyon ng intelektuwal na kakayahan ni Ferdinand Blumentritt (1853-1913) bilang isa sa mga eksperto sa Araling Pilipino at isa sa mga kauna-unahang historyador ng Pilipinas dahil di lamang siya naging pawang na tagasipi, datapwat nagbasa, nag-aral, nagsuri, at nagpamalas nang matindi ngunit walang pinapanigang kritisismo tungkol sa wika, kasaysayan, at heograpiya ng Pilipinas (Demeterio sa *Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies*). Pinatunayan ding mahalaga sa usapin ng Araling Pilipino ang pagkakaroon ng "lipunan ng mga mananaliksik" na itinuring bilang "komunidad na pangkomunikasyon." Sinipat ang mga implikasyon ng institusyonalisasyon, talastasan, pananaliksik, publikasyon, sirkulasyon, wika, pagsasalin, pilosopiya, at mga lapit sa Araling Pilipino upang mapakita ang manipestasyon ng "nagsasarili o awtonomong Araling Pilipino" (Guillermo sa *Sariling Atin: Ang Nagsasariling Komunidad na Pangkomunikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino)*.

Sa Unibersidad ng Pilipinas, na itinuring bilang isa sa mga sentro ng Araling Pilipino, kinakitaan ng radikal na transpormasyon sa pagpapalit ng paradigma ng Araling Pilipino na isinusulong nito. Mula sa pagiging neo-kolonyal na programang nanaig ang hegemonya ng Kanluran sa mga pag-aaral sa Pilipinas, naging lunsaran ang programa para sa mga mas progresibong Pilipinong intelektuwal na pormal na ipakilala ang indihenisasyon sa akademikong komunidad sa Pilipinas (Rodriguez-Tatel sa "Philippine Studies/Araling Pilipino/Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino"). Sa Pamantasang De La Salle, pinangunahan ang pag-aaral ng mga paksa ng mga disertasyon at mga iskolarling saliksik ng mga propesor na napapailalim sa kategorya ng wika, kultura, at midya bilang pangunahing tuon ng programang Araling Pilipino. Napatunayang pangunahing tunguhin ang kontribusyon ng mga bagong dalumat at metodo para sa pag-unawa at pagsusuri ng kongkretong kalagayan ng tao at ng tiyak na mga karanasan (Mojica sa *Ang Diskurso ng Araling Filipino ng DLSU-Departamento ng Filipino*).

Bago pa man maiugnay sa mga ilustrado at propagandista o maging kritiko ng kolonisasyong Espanyol at Amerikano, kahanga-

hanga ang intelektwal na diskursong lokal ni Don Isabelo de los Reyes (1864-1938), lalo na sa usapin ng folklore at ingklusibong pagkabansa. Natunghayan ang tema at diskurso ng Araling Pilipino na umiinog sa pagtaguyod ng Ilocos at folklore; politikal, relihiyoso, at kultural na reporma; tungkol sa pagtatayo ng nagsasariling simbahan at pagtulong sa mga manggagawang Pilipino, at paglaban kontra sa kolonyalismong Espanyol at imperyalismong Amerikano (Liwanag sa *Surutentayo Ni Isabelo de los Reyes: Mga Kabatiran at Aral para sa Kontemporanyong Araling Filipino*).

Mula sa mga kaugnay na literatura tungkol sa Araling Pilipino, maipalalagay ang pangangailangang matukoy ang hugis, lawak, at lalim ng umiiral na diskurso ng Araling Pilipino sa *Malay Journal*.

Gayumpaman, may limang diskurso ang araling Pilipino: 1) ang araling Pilipino bilang isang neutral na diskurso; 2) ang kolonyal na araling Pilipino bilang isang diskursong nakabatay sa kapangyarihan ng kanluran at nagpapatibay sa nasabing kapangyarihan; 3) ang generic na postkolonyal na araling Pilipino bilang diskursong pumuna sa hegemonya ng kanluran; 4) ang Pilipinolohiya bilang isang tiyak na postkolonyal na diskursong pinasinayaan ni Prospero Covar; at 5) ang pantayong pananaw bilang isa pang tiyak na postkolonyal na pinasinayaan naman ni Zeus Salazar. Walang pahayag sa bagong deskripsyon ng *Malay Journal* kung aling diskurso ng araling Pilipino ang kasalukuyang pinagbabatayan ng nasabing peryodikal. Alinsunod dito, nilayon ng papel na tukuyin ang pinakadominanteng diskurso ng araling Pilipinong umiiral sa mga artikulo ng nasabing journal. Pero bago makamtan ng papel ang hangaring ito, mahalaga munang masinsinan matalakay ang limang diskurso ng araling Pilipino.

Kung tatanggapin ang prinsipyong inihain ng pilosopong Pranses na si Michel Foucault, nakapaloob sa kanyang kategoryang kapangyarihan/kaalaman (power/knowledge) na nagpapahiwatig na hindi maaaring paghiwalayin ang kapangyarihan at kaalaman. Magiging isang haypotetikal na kategorya ang neutral na araling Pilipino. Datapwat isinama pa rin sa papel ang nasabing diskurso ng araling Pilipino dahil matapos pahapyaw na basahin ng mga may-akda ang ilang artikulo ng *Malay Journal,* napansing may mga pagkakataon naman talagang neutral ang nilalaman ng ilang teksto. Ibig sabihin, nagmula sa aktuwal na teksto/datos ang kategoryang ito, at nagiging

tapatan ng mga may-akda na talagang wala silang nakikitang ugnayan sa pagitan ng diskurso nito at kapangyarihan. Kung mayroon mang ugnayaan ay baka kailanganin muna ang napakasopistikadong hermenyutikal na metodo para matukoy ito. Sa neutral na araling Pilipino, masasabing kahit sino, Pilipino man o dayuhan, ang maaaring magsagawa ng pananaliksik. Gamit ang anumang teorya, lokal man o kanluranin; sa anumang wika, Filipino man o banyaga; at kahit sino rin, Pilipino man o dayuhan, ang target na mambabasa. Tanging intensyon ng neutral na araling Pilipino ang mapag-aralan ang Pilipinas at ang mga Pilipino.

Ang kolonyal na araling Pilipino ang unang anyo ng araling Pilipinong historikal na umusbong. Una itong isinagawa ng mga prayle, administrador at sundalong Espanyol na nagsulat tungkol sa ilang parte ng Pilipinas at aspekto ng kulturang Pilipino. Ginamit ang mga nakalap na kaalaman para mas mapadaling maipasailalim sa kolonyal na kapangyarihan ang mga Pilipino at para maging mas matatag at katanggap-tanggap ang parehong kolonyal na kapangyarihan. Noong panahon ng mga Amerikano, naging mas sistematiko at siyentipiko ang pangangalap ng parehong kaalaman para sa parehong intensyon. Naging kilala ang kolonyal na araling Pilipino sa panahong ito bilang "area studies." May ilang Pilipinong aral sa sistemang Amerikano, o sa Amerika mismo, o kung saan-saan pa sa kanluran, ang basta na lamang gumaya sa ganitong uri ng pagdidiskurso. Sa kolonyal na araling Pilipino kahit sino, dayuhan man o Pilipino, ang maaaring magsagawa ng pananaliksik; gamit ang kanluraning teorya; sa anumang wika, banyaga man o Filipino; at kahit sino rin, dayuhan man o Pilipino, ang target na mambabasa. Nakakubling intensyon ng kolonyal na araling Pilipino ang mapanatili ang hegemonya ng kanluran sa Pilipinas.

Napansin na nina Jose Rizal, Ferdinand Blumentritt, Isabelo delos Reyes, at iba pang Pilipinong kalahok sa kilusang propaganda ang hindi patas na pagkabuo ng mga diskurso tungkol sa mga Pilipino at Pilipinas na gawa ng mga Espanyol. Balak nilang labanan ito hindi lamang sa pamamagitan ng pagpuna sa kolonyal na dimensyon ng Espanyol na araling Pilipino kundi lalo na sa pamamagitan ng pagtataguyod ng uri ng araling Pilipino na mga Pilipino mismo, o kaya'y mga kanluraning maka-Pilipino, ang nanananaliksik. Sa kasamaang-palad, nahadlangan ang ganitong proyekto ng Rebolusyon laban sa mga Espanyol at ng pagdating ng mga mananakop na Amerikanong may dalang mas

sistematiko at siyentipiko umanong bersyon ng kolonyal pa ring araling Pilipino. Lumipas muna ang mahigit-kumulang limampung taon bago buhayin muli ng ilang Pilipinong intelektwal ang adhikain nina Rizal, Blumentritt, delos Reyes, at iba pang propagandistang batikusin ang kolonyal na araling Pilipino at tapatan ito ng maka-Pilipinong araling Pilipino. Anti-kolonyal na araling Pilipino ang iminungkahi nina Rizal at kanyang mga kasamahan, ngunit hindi ito maituturing na postkolonyal na araling Pilipino dahil umiral ito noon pang panahon ng kolonisasyon.

Ang generic na postkolonyal na araling Pilipino ang nakaugat sa dalawang intelektwal na tradisyon. Una, ang nanumbalik na nasyonalismong nagmula sa politikal at pang-ekonomikong pagpuna ni Claro Recto sa internasyonal na patakaran ng bansa. Nagbigay ito ng inspirasyon sa ilang Pilipinong politiko at intelektwal na ilantad ang mga nakakubling mekanismo ng neokolonyalismong Amerikano. Ikalawa, ang pinagmulang krisis na bumagabag sa ilang Pilipinong dalubhasa sa araling panlipunan sa University of the Philippines matapos mamulat sa ilang pundamental na hindi pagtutugma ng mga kanluraning teoryang pinag-aralan nila sa ibang bansa at ng mga aspekto ng Pilipinong reyalidad na kanilang sinusuri. Ang pangalang generic na postkolonyal na araling Pilipino ay nilikha ng mga may-akda para tawagin ang grupo ng mga diskursong hindi pinagtipun-tipon ng mga mastiyak at artikuladong teoretikal na batayan. Sa generic na postkolonyal na araling Pilipino o banyagang maka-Pilipino lamang ang maaaring magsagawa ng pananaliksik; gamit ang anumang teorya, lokal man o kanluranin; sa anumang wika, Filipino man o banyaga; at kahit sino rin, Pilipino man o dayuhan, ang target na mambabasa. Intensyon ng generic na postkolonyal na araling Pilipino ang labanan ang hegemonya ng kanluran sa Pilipinas.

Si Covar ang isa sa mga kasalukuyang tagapagtaguyod ng mas tiyak na postkolonyal na araling Pilipinong iminungkahi ang diskursong binansagan niyang "Pilipinolohiya." Sa Pilipinolohiya, Pilipino o banyagang maka-Pilipino at may kakayahang gumamit ng wikang Filipino o anumang wika sa Pilipinas lamang ang maaaring magsagawa ng pananaliksik; gamit ang kanluraning teorya na isinakatutubo o katutubong teorya; sa wikang Filipino o anumang wika sa Pilipinas; at kahit sino rin, Pilipino man o dayuhang may kakayahang umintindi o magkaroon ng salin, ang target na mambabasa. Ang intensyon ng Pilipinolohiya ay maglahad ng mas makatotohanang alternatibo sa mga

kanluraning pag-aaral tungkol sa mga Pilipino at Pilipinas. Sa kabilang dako, ang Pilipinolohiya ay isang anyo ng pakikipaglaban ng mga Filipinong iskolar upang maintindihan ang mga kapwa Filipino, kultura, at bansa. Bilang diskursong binuo ng mga tagaloob, sinisikap nitong maiwaksi ang mga nangingibabaw na mga kanluraning panlipunang balangkas upang lubos na maunawaan kung ano ang Filipino sa sariling mga dalumat. Ang pagbubuo ng bansa o kabihasnang Pilipino ang isang tunguhin ng Pilipinolohiya. Hindi rin naman ipinipinid ang pagkakataong tumingin sa labas at suriin ang iba't ibang bayan lalo pa kung ang tinutungo at interes ay ang bansa.

Isa rin sa mga kasalukuyang tagapagtaguyod ng mas tiyak na postkolonyal na araling Pilipino si Salazar na nagmungkahi naman ng diskursong binansagan niyang "pantayong pananaw." Sa pantayong pananaw, Pilipino na lamang ang maaaring magsagawa ng pananaliksik; gamit ang katutubong teorya; sa wikang Filipino o anumang wika sa Pilipinas; at Pilipino rin ang target na mambabasa. Intensyon ng pantayong pananaw ang maglahad ng makabuluhang alternatibo sa mga kanluraning pag-aaral sa mga Pilipino at Pilipinas. Sa Pantayong Pananaw, "makikita sa argumento ni Salazar na malayang makapagdidiskurso at makapag-uusap ang mga Pilipino—sa kanilang sariling mga termino, gamit ang kanilang sariling wika, kaakibat ang kanilang paraan ng pag-iisip at moda ng pakikipag-ugnayan, at higit sa lahat, sa kanilang mga sariling interes bilang mga Pilipino (Mendoza 93, sariling salin). Kung nais buuin ang sariling nasyon, ang sariling kultura, at kung nais payabungin ang sariling kaisipan at dalumatin ang mga karanasan ng mga Pilipino, higit na tingnan ang punto de-bistang pantayo. Ibig sabihin, mahalagang magamit ang "code" ng ugnayan ng mga nag-uusap.

Ipinapakita ng talahanayan 2 ang pagkakapareho at pagkakaiba ng apat na uri ng diskurso ng araling Pilipino.

**Talahanayan 2**

*Pagkakapareho at Pagkakaiba ng Apat na Uri ng Diskurso ng Araling Pilipino batay sa May-Akda, Target na Mambabasa, Teorya, Wika, Intensyon at Antas ng Diskurso*

| Aspekto ng Diskurso | Neutral na Araling Pilipino | Kolonyal na Araling Pilipino | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino | Pilipinolohiya | Pantayong Pananaw |
|---|---|---|---|---|---|
| May-akda | Sinuman | Sinuman | Pilipino o Banyagang Maka-Pilipino | Pilipino o Banyagang Maka-Pilipino at may Kakayahang Magsalita ng Filipino o anumang Wika sa Pilipinas | Pilipino |
| Target na Mambabasa | Sinuman | Sinuman | Sinuman | Pilipino o Banyagang may Kakayahang Magbasa ng Filipino o ng anumang Wika sa Pilipinas o Magkaroon ng Salin | Pilipino |
| Teorya | Anuman | Kanluranin | Anuman | Kanluraning Isinakatutubo o Katutubo | Katutubo |
| Wika | Anuman | Anuman | Anuman | Filipino o anumang Wika sa Pilipinas | Filipino o anumang Wika sa Pilipinas |
| Intensyon | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Mapanatili ang Hegemonya ng Kanluran sa Pilipinas | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran sa Pilipinas | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo sa Kanluraning Pag-aaral sa Pilipinas | Maglahad ng Mas Makabuluhang Alternatibo sa Kanluraning Pag-aaral sa Pilipinas |

Sa pamamagitan ng pagsuri sa may-akda, target na mambabasa, teorya, wika, at intensyon ng bawat artikulo ng *Malay Journal* mula noong 2011 hanggang 2015, tinuklas ng papel kung ano ang pinakadominanteng diskurso ng araling Pilipino ang umiiral sa nasabing journal.

Mahalaga ang proyektong ito para sa Pamantasang De La Salle para malaman nito kung ano ang partikular na uri ng araling Pilipino ang kinahantungan ng *Malay Journal* mula noong nagpasya ang nasabing pamantasan na baguhin ang focus ng nasabing journal. Batay sa kongklusyon ng pag-aaral na ito, maaaring magpasya pa ang pamantasan na higpitan pa ba o luwagan ang focus ng nasabing journal. Mahalaga rin ang proyektong ito para sa mga mananaliksik sa araling Pilipino na may balak magsumite ng mga artikulo sa nasabing journal para alam na nila kung sa aling diskurso ng araling Pilipino dapat ang papel nila para makakuha ng mas mataas na tsansang mailathala. Mahalaga rin ang proyektong ito para sa mga mambabasa ng nasabing journal para alam na nila kung ano dapat ang kanilang mga ekspektasyon para sa parehong journal. Sa pangkalahatan, para naman sa araling Pilipino bilang intelektwal na disiplina, mahalaga ang nabuong metodolohiya ng papel na ito para sa pagsusuri ng ibang teksto sa araling Pilipino.

## Metodolohiya

Katulad ng nabanggit na, binalak ng papel na suriin ang mga artikulo ng Malay Journal mula 2011, kung kailan lubusan nang nabago ang focus ng journal patungong araling Pilipino hanggang 2015, ang kasalukuyang pinakahuling kumpletong taon ng paglalathala ng journal. Ipinakita sa Appendix A ang buong listahan ng may 71 na artikulo mula sa naturang mga taon. Dahilan ang napakalaking bilang na 71 para sa balak ng papel na isa-isang himayin ang mga artikulo, minabuting humalaw na lamang sa 50% na random sample mula sa kabuoang bilang ng mga artikulo. Lahat ng mga artikulo mula sa Appendix A na may even na numero ang isinama sa pagsusuri at inilista ang mga ito sa talahanayan 3.

**Talahanayan 3**

*Listahan ng mga Artikulong Kasama sa 50% na Random Sample na Kasama sa Pagsusuri ng Papel*

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2011 | 2 | Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng ating Panahon | Emmanuel Dumlao |
| | 4 | Kasaysayang Pasalita | Nancy Gabriel |
| | 6 | Ang Filipinong Seaman sa Dagat at Lupa | Joanne Manzano |
| | 8 | Ang Sasakyan at Lansangan bilang Paaralan | Michael Pante |
| | 10 | Buyo, Buyung at Bae | Lars Ubaldo |
| Set 2011 | 12 | Pilosopiyang Pang-ekonomiya nina Recto, Tañada, at Diokno | Bernardo Sepeda |
| | 14 | Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino | John Paolo Rivera |
| | 16 | Saling Abueg | Raquel Buban |
| Abr 2012 | 18 | Sistematikong Multilingguwalismo | Feorillo Demeterio |
| | 20 | Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya | Bernardo Sepeda |
| | 22 | Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik | E. San Juan, Jr. |
| Set 2012 | 24 | Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte | Feorillo Demeterio |
| | 26 | Pakikibak(l)a | Rowell Madula |
| | 28 | Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima | Tereso Tullao, Jr. |

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2013 | 30 | Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigidig ng Telebisyon, Pagda-Dub ng Anime, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo | Ramilito Correa |
| | 32 | Mga Modernong Manggagawa ng Transportasyong Panlungsod ng Maynila, 1900-1941 | Michael Pante |
| | 34 | Ang Ethnographer/Field Worker | Ferdinand Dagmang |
| | 36 | Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino | Feorillo Demeterio |
| Set 2013 | 38 | Mga Bayan Bilang Kapwa | Raniela Barbaza |
| | 40 | Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus | E. San Juan, Jr. |
| | 42 | Ang Kabilang Mukha ng Autismo | Ron Resureccion |
| | 44 | Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon | David San Juan |
| Abr 2014 | 46 | Engkwentro | Efren Isorena |
| | 48 | Ang Paggamit ng Trigram Ranking Bilang Panukat sa Pagkakahalintulad at Pagkakapangkat ng mga Wika | Nathaniel Oco, et al. |
| | 50 | Balagtas | E. San Juan, Jr. |
| | 52 | Ang Pagsasaling Teknikal | Raquel Buban |
| Set 2014 | 54 | Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng mga Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano | Emmanuel de Leon |
| | 56 | Pamabansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya | David San Juan |
| | 58 | Manipulasyon o Pakikipagkapwa | Rhommel Hernandez |

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2015 | 60 | Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko | Feorillo Demeterio at Joshua Mariz Felicilda |
| | 62 | Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo | Pauline Mari Hernando |
| Set 2015 | 64 | Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden | E. San Juan, Jr. |
| | 66 | Conquista Maritima | Efren Isorena |
| | 68 | Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano | John Amtalao at Jane Lartec |
| | 70 | K-U-L-T-U-R-A | Alona Jumaquio Ardales |

Isa-isang kinilatis at inalam ang may-akda, target na mambabasa, teorya, wika, at intensyon ng bawat 35 na artikulong nagsilbing random sample para matukoy kung sa anong diskurso ng araling Pilipino napabibilang ang mga ito. Matapos matukoy ang partikular na diskurso ng araling Pilipino ng bawat artikulo, saka pa lamang naging posible ang pag-alam kung ano ang pinakadominanteng diskurso ng Araling Pilipino ang umiiral sa *Malay Journal.*

## Pagsusuri sa mga Artikulo

Matapos mabasa ang 35 na artikulong kasama sa 50% na random sample para sa proyektong ito, matapos makilatis at malaman ang kani-kanilang may-akda, target na mambabasa, teorya, wika, at intensyon, ipinakita sa talahanayan 4 ang kinalabasan ng ginawang pagkilatis at pag-alam, pati na ang kabuoang pasya kung sa anong diskurso ng araling Pilipino napabibilang ang bawat artikulo.

Batay sa talahanayan 4, ipinakita ng talahanayan 5 at ng kasama nitong figure 1 ang hindi eksklusibong pag-uuri sa 35 na artikulong kabilang sa random sample sa apat na diskurso ng araling Pilipino.

**Talahanayan 4**

*Pagkilatis at Pag-alam sa May-Akda, Target na Mambabasa, Teorya, Wika, at Intensyon ng mga Sample na Artikulo, at Pagpasya kung sa aling Diskurso ng Araling Pilipino Napabibilang ang mga Ito*

| Petsa | Titulo ng Artikulo | May-Akda | Target na Mambabasa | Teorya | Wika | Intensyon | Uri ng Diskurso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Abr 2011 | Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng ating Panahon | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Kasaysayang Pasalita | Pilipino | Pilipino | Kanluraning Isinakatutubo; at Katutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |
| | Ang Filipinong Seaman sa Dagat at Lupa | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Ang Sasakyan at Lansangan bilang Paaralan | Pilipino | Pilipino | Hindi Tiyak | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Buyo, Buyung at Bae | Pilipino | Pilipino | Hindi Tiyak | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino; at Maglahad ng mas Makabuluhang Alternatibo | Neutral na Araling Pilipino; at Pantayong Pananaw |
| Set 2011 | Pilosopiyang Pang-ekonomiya nina Recto, Tañada, at Diokno | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino; Mapanatili ang Hegemonya ng Kanluran | Neutral na Araling Pilipino; at Kolonyal na Araling Pilipino |
| | Saling Abueg | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |

| Petsa | Titulo ng Artikulo | May-Akda | Target na Mambabasa | Teorya | Wika | Intensyon | Uri ng Diskurso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Abr 2012 | Sistematikong Multilingguwalismo | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya | Pilipino | Pilipino | Katutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |
| | Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik | Pilipino-Amerikano | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| Set 2012 | Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte | Pilipino | Pilipino | Hindi Tiyak | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Pakikibak(l)a | Pilipino | Pilipino | Kanluraning Isinakatutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo | Pilipinolohiya |
| | Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| Abr 2013 | Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigidig ng Telebisyon, Pagda-Dub ng Anime, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo | Pilipino | Pilipino | Hindi Tiyak | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Mga Modernong Manggagawa ng Transportasyong Panlungsod ng Maynila, 1900-1941 | Pilipino | Pilipino | Kanluranin at Katutubo | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |

| Petsa | Titulo ng Artikulo | May-Akda | Target na Mambabasa | Teorya | Wika | Intensyon | Uri ng Diskurso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Abr 2013 | Ang Ethnographer/Field Worker | Pilipino | Pilipino | Kanluraning Isinakatutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo | Pilipinolohiya |
| | Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |
| Set 2013 | Mga Bayan Bilang Kapwa | Pilipino | Pilipino | Katutubo | Filipino | Maglahad ng mas Makabuluhang Alternatibo | Pantayong Pananaw |
| | Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus | Pilipino-Amerikano | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| | Ang Kabilang Mukha ng Autismo | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |
| | Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon | Pilipino | Pilipino | Katutubo at Kanluranin | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng Mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |

| Petsa | Titulo ng Artikulo | May-Akda | Target na Mambabasa | Teorya | Wika | Intensyon | Uri ng Diskurso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Abr 2014 | Engkwentro | Pilipino | Pilipino | Katutubo at Kanluraning Isinakatutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng Mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |
| | Ang Paggamit ng Trigram Ranking Bilang Panukat sa Pagkakahalintulad at Pagkakapangkat ng mga Wika | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |
| | Balagtas | Pilipino-Amerikano | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |
| | Ang Pagsasaling Teknikal | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |
| Set 2014 | Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng mga Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino | Neutral na Araling Pilipino |
| | Pambansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
| Set 2014 | Manipulasyon o Pakikipagkapwa | Pilipino | Pilipino | Katutubo at Kanluranin | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng Mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |

| Petsa | Titulo ng Artikulo | May-Akda | Target na Mambabasa | Teorya | Wika | Intensyon | Uri ng Diskurso |
| --- | --- | --- | --- | --- | --- | --- | --- |
| Abr 2015 | Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
|  | Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo | Pilipino | Pilipino | Kanluranin at Katutubo | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino; at Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo | Neutral na Araling Pilipino; at Pilipinolohiya |
| Set 2015 | Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden | Pilipino-Amerikano | Pilipino | Kanluranin at Katutubo | Filipino | Labanan ang Hegemonya ng Kanluran | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino |
|  | Conquista Maritima | Pilipino | Pilipino | Kanluraning Isinakatutubo at Katutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng Mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |
| Set 2015 | Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano | Pilipino | Pilipino | Kanluranin | Filipino | Mapag-aralan ang Pilipinas at mga Pilipino; Mapanatili ang Hegemonya ng Kanluran | Neutral na Araling Pilipino; at Kolonyal na Araling Pilipino |
|  | K-U-L-T-U-R-A | Pilipino | Pilipino | Katutubo | Filipino | Maglahad ng Mas Makatotohanang Alternatibo; at Maglahad ng Mas Makabuluhang Alternatibo | Pilipinolohiya; at Pantayong Pananaw |

**Talahanayan 5**


*Hindi Eksklusibong Pag-uuri sa 35 na Artikulong Kasama sa Random Sample sa Limang Diskurso ng Araling Pilipino*

| Uri ng Diskurso | Mga Artikulo | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|---|
| Neutral na Araling Pilipino | Buyo, Buyung at Bae; Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino; Saling Abueg; Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino; Ang Kabilang Mukha ng Autismo; Ang Paggamit ng Trigram Ranking Bilang Panukat sa Pagkakahalintulad at Pagkakapangkat ng mga Wika; Balagtas; Ang Pagsasaling Teknikal; Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng mga Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano; Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo; at Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano. | 11 | 31% |
| Kolonyal na Araling Pilipino | Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino; at Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano. | 2 | 6% |
| Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino | Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng ating Panahon; Ang Filipinong Seaman sa Dagat at Lupa; Ang Sasakyan at Lansangan bilang Paaralan; Pilosopiyang Pang-ekonomiya nina Recto, Tañada, at Diokno; Sistematikong Multilingguwalismo; Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik; Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte; Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima; Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigidig ng Telebisyon, Pagda-Dub ng Anime, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo; Mga Modernong Manggagawa ng Transportasyong Panlungsod ng Maynila, 1900-1941; Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus; Pamabansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya; Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko; at Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden. | 14 | 40% |

| Uri ng Diskurso | Mga Artikulo | Bilang | Porsyento |
|---|---|---|---|
| Pilipinolohiya | Kasaysayang Pasalita; Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya; Pakikibak(I)a; Ang Ethnographer/Field Worker; Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon; Engkwentro; Manipulasyon o Pakikipagkapwa; Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo; Conquista Maritima; at K-U-L-T-U-R-A. | 10 | 29% |
| Pantayong Pananaw | Kasaysayang Pasalita; Buyo, Buyung at Bae; Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya; Mga Bayan Bilang Kapwa; Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon; Engkwentro; Manipulasyon o Pakikipagkapwa; Conquista Maritima; at K-U-L-T-U-R-A. | 9 | 26% |

**Figure 1**

*Radar Chart ng Hindi Eksklusibong Pag-uuri sa 35 na Artikulong Kasama sa Random Sample sa Apat na Diskurso ng Araling Pilipino*




Ipinapakita ng talahanayan 5 at figure 1 na ang generic na postkolonyal na araling Pilipino (40%) at neutral na araling Pilipino (31%) ang dalawang pinakadominanteng diskurso ng araling Pilipino na umiiral sa *Malay Journal*; habang ang kolonyal na araling Pilipino (6%) at pantayong pananaw (26%) naman ang dalawang pinakamadalang na diskurso ng araling Pilipino na umiiral sa nasabing journal.

## Pagsusuri sa mga Overlap

May ilang artikulong napabilang na higit sa isang diskurso ng araling Pilipino, kaya may pamagat na "Hindi Eksklusibong Pag-uuri" ang talahanayan 5 at figure 1. Ipinapakita ng talahanayan 6 kung paano nag-overlap ang mga artikulong napabibilang sa limang diskurso ng araling Pilipino.

**Talahanayan 6**

*Mga Overlap ng mga Artikulo na Napabibilang sa Limang Diskurso ng Araling Pilipino*

| | Neutral na Araling Pilipino (11) | Kolonyal na Araling Pilipino (2) | Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino (14) | Pilipinolohiya (10) | Pantayong Pananaw (9) |
|---|---|---|---|---|---|
| Neutral na Araling Pilipino (11) | | 2 | 0 | 1 | 1 |
| Kolonyal na Araling Pilipino (2) | 2 | | 0 | 0 | 0 |
| Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino (14) | 0 | 0 | | 0 | 0 |
| Pilipinolohiya (10) | 1 | 0 | 0 | | 7 |
| Pantayong Pananaw (9) | 1 | 0 | 0 | 7 | |

Habang walang makikitang overlap sa pagitan ng generic na postkolonyal na araling Pilipino at ng alinmang diskurso ng araling Pilipino, matatagpuan naman ang pinakamaraming pag-overlap sa pagitan ng pilipinolohiya at pantayong pananaw. Sinundan ito ng pag-overlap sa pagitan ng neutral na araling Pilipino at kolonyal na araling Pilipino.

### Mga Artikulong Napabibilang sa Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino

Ayon sa talahanayan 5 at figure 1, ang generic na postkolonyal na araling Pilipino ang pinakadominanteng diskurso ng araling Pilipino na umiiral sa *Malay Journal*. Ayon naman sa talahanayan 4 at 5 ang mga artikulong nakalista sa talahanayan 7 ay partikular na napabibilang sa diskurso ng generic na postkolonyal na araling Pilipino.

**Talahanayan 7**

*Mga Artikulo ng Malay Journal na Partikular na Napabibilang sa Diskurso ng Generic na Postkolonyal na Araling Pilipino*

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2011 | 2 | Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng ating Panahon | Emmanuel Dumlao |
| | 6 | Ang Filipinong Seaman sa Dagat at Lupa | Joanne Manzano |
| | 8 | Ang Sasakyan at Lansangan bilang Paaralan | Michael Pante |
| Set 2011 | 12 | Pilosopiyang Pang-ekonomiya nina Recto, Tañada, at Diokno | Bernardo Sepeda |
| Abr 2012 | 18 | Sistematikong Multilingguwalismo | Feorillo Demeterio |
| | 22 | Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik | E. San Juan, Jr. |
| Set 2012 | 24 | Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte | Feorillo Demeterio |
| | 28 | Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima | Tereso Tullao, Jr. |
| Abr 2013 | 30 | Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigidig ng Telebisyon, Pagda-Dub ng Anime, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo | Ramilito Correa |
| | 32 | Mga Modernong Manggagawa ng Transportasyong Panlungsod ng Maynila, 1900-1941 | Michael Pante |
| Set 2013 | 40 | Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus | E. San Juan, Jr. |
| Set 2014 | 56 | Pamabansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya | David San Juan |

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2015 | 60 | Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko | Feorillo Demeterio at Joshua Mariz Felicilda |
| Set 2015 | 64 | Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden | E. San Juan, Jr. |

Postkolonyal ang mga artikulong ito sa puntong binatikos ang kolonyal na hegemonya at kaayusan. Sampu sa mga ito ang pumuna sa neokolonyal na kalagayan ng bansang Pilipinas, habang tatlo ang sa kolonyalismong Amerikano, at habang isa naman ang sa kolonyalismong Espanyol. Generic ang pagiging postkolonyal ng mga artikulo sa puntong hindi maaaring ihanay ang mga ito sa mas tiyak na postkolonyalismo ng pilipinolohiya at pantayong pananaw. Dahilan na nakabatay ang mga ito sa ilang kanluraning teoryang nananatiling kanluranin o kaya hindi lubusang naisakatutubo. Madaling isalin sa wikang Ingles ang nasabing mga artikulo at madali ring intindihin ng mga banyagang mambabasa ang mga saling magagawa.

## Mga Artikulong Napabibilang sa Neutral na Araling Pilipino

Ayon sa talahanayan 5 at figure 1, ang neutral na araling Pilipino ang pangalawang pinakadominanteng diskurso ng araling Pilipino na umiiral sa *Malay Journal*. Ayon naman sa talahanayan 4 at 5, partikular na napabibilang sa diskurso ng neutral na araling Pilipino ang mga artikulong nakalista sa talahanayan 8.

Neutral ang mga artikulong ito sa puntong hindi binatikos ng mga ito ang kolonyal na hegemonya at kaayusan. Dapat malinaw na hindi kabaligtaran ng pagiging kritikal ang pagiging neutral ng mga nasabing artikulo. Sa katunayan, tahasan ang pagiging kritikal ng ilan sa mga ito sa ilang tiyak na konteksto katulad ng usaping pangkasarian at usaping panlipunang uri. Ibig sabihin, kabaligtaran lamang ng pagiging kritikal sa tiyak na konteksto ng usaping may kinalaman sa kolonyalismo ang pagiging neutral ng mga nabanggit na artikulo. Madaling isalin sa wikang Ingles ang nasabing mga artikulo at madali ring intindihin ng mga banyagang mambabasa ang mga saling magagawa.

**Talahanayan 8**

*Mga Artikulo ng Malay Journal na Partikular na Napabibilang sa Diskurso ng Neutral na Araling Pilipino*

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2011 | 10 | Buyo, Buyung at Bae | Lars Ubaldo |
| Set 2011 | 14 | Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino | John Paolo Rivera |
| | 16 | Saling Abueg | Raquel Buban |
| Abr 2013 | 36 | Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino | Feorillo Demeterio |
| Set 2013 | 42 | Ang Kabilang Mukha ng Autismo | Ron Resureccion |
| Abr 2014 | 48 | Ang Paggamit ng Trigram Ranking Bilang Panukat sa Pagkakahalintulad at Pagkakapangkat ng mga Wika | Nathaniel Oco, et al. |
| | 50 | Balagtas | E. San Juan, Jr. |
| | 52 | Ang Pagsasaling Teknikal | Raquel Buban |
| Set 2014 | 54 | Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng mga Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano | Emmanuel de Leon |
| Abr 2015 | 62 | Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo | Pauline Mari Hernando |
| Set 2015 | 68 | Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano | John Amtalao at Jane Lartec |

## Mga Artikulong Napabibilang sa Pilipinolohiya

Ayon sa talahanayan 5 at figure 1, ang pilipinolohiya ang pangatlong pinakadominanteng diskurso at pangatlo ring pinakamadalang na diskurso ng araling Pilipinong umiiral sa *Malay Journal*. Ayon naman sa talahanayan 4 at 5, partikular na napabibilang sa diskurso ng pilipinolohiya ang mga artikulong nakalista sa talahanayan 9.

**Talahanayan 9**

*Mga Artikulo ng Malay Journal na Partikular na Napabibilang sa Diskurso ng Pilipinolohiya*

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2011 | 4 | Kasaysayang Pasalita | Nancy Gabriel |
| Abr 2012 | 20 | Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya | Bernardo Sepeda |
| Set 2012 | 26 | Pakikibak(l)a | Rowell Madula |
| Abr 2013 | 34 | Ang Ethnographer/Field Worker | Ferdinand Dagmang |
| Set 2013 | 44 | Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon | David San Juan |
| Abr 2014 | 46 | Engkwentro | Efren Isorena |
| Set 2014 | 58 | Manipulasyon o Pakikipagkapwa | Rhommel Hernandez |
| Abr 2015 | 62 | Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo | Pauline Mari Hernando |
| Set 2015 | 66 | Conquista Maritima | Efren Isorena |
| | 70 | K-U-L-T-U-R-A | Alona Jumaquio Ardales |

Dalawang aspekto ng mga artikulong ito ang nagpabibilang sa kanila sa diskurso ng pilipinolohiya. Una, ang kanilang pagkabatay sa mga katutubong teorya o kaya kanluraning teorya na lubusang naisakatutubo. Pangalawa, ang kanilang intensyong labanan ang kolonyal na hegemonya sa pamamagitan ng paghain ng mas makatotohanang pagtingin sa Pilipinas at mga Pilipino. Katanggap-tanggap para sa mga tagapagtaguyod ng pilipinolohiya kung sakaling may mga intelektwal o iskolar na magnanais isalin ang mga artikulong ito sa wikang Ingles. Sa kabilang dako, dahilan na mas nakababad ang mga artikulong ito sa mundo ng may paksang wika kaya hindi madaling isalin sa wikang Ingles ang nasabing mga artikulo at hindi rin madaling intindihin ng mga banyagang mambabasa ang mga saling magagawa.

## Mga Artikulong Napabibilang sa Pantayong Pananaw

Ayon sa talahanayan 5 at figure 1, ang pantayong pananaw ang pangalawang pinakamadalang na diskurso ng araling Pilipino na umiiral sa *Malay Journal*. Ayon naman sa talahanayan 4 at 5, partikular na napabibilang sa diskurso ng pantayong pananaw ang mga artikulong nakalista sa talahanayan 10.

**Talahanayan 10**

*Mga Artikulo ng Malay Journal na Partikular na Napabibilang sa Diskurso ng Pantayong Pananaw*

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Abr 2011 | 4 | Kasaysayang Pasalita | Nancy Gabriel |
| | 10 | Buyo, Buyung at Bae | Lars Ubaldo |
| Abr 2012 | 20 | Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya | Bernardo Sepeda |
| Set 2013 | 38 | Mga Bayan Bilang Kapwa | Raniela Barbaza |
| | 44 | Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon | David San Juan |
| Abr 2014 | 46 | Engkwentro | Efren Isorena |
| Set 2014 | 58 | Manipulasyon o Pakikipagkapwa | Rhommel Hernandez |
| Set 2015 | 66 | Conquista Maritima | Efren Isorena |
| | 70 | K-U-L-T-U-R-A | Alona Jumaquio Ardales |

Dalawang aspekto rin ng mga artikulong ito ang nagpabibilang sa kanila sa diskurso ng pantayong pananaw. Una, ang kanilang pagkabatay sa mga katutubong teorya. Pangalawa, ang kanilang intensyong labanan ang kolonyal na hegemonya sa pamamagitan ng paghain ng mas makabuluhang usapin tungkol sa Pilipinas at mga Pilipino. Walang pakialam ang mga tagapagtaguyod ng pantayong pananaw kung sakaling may intelektwal o iskolar na magnanais isalin ang mga artikuong ito sa wikang Ingles. Dahilan ng pagkababad ng mga artikulong ito sa paksa ng wika, kaya hindi rin madaling isalin sa wikang Ingles ang nasabing mga artikulo at hindi rin madaling intindihin ng mga banyagang mambabasa ang mga saling magagawa. Naipakita na ng talahanayan 5 kung gaano kalapit ang mga katangian ng mga artikulong napabibilang sa diskurso ng pilipinolohiya at sa diskurso ng pantayong pananaw sa pamamagitan ng paglahad ng kanilang napakalawak na overlap.

## Mga Artikulong Napabibilang sa Kolonyal na Araling Pilipino

Ayon sa talahanayan 5 at figure 1, ang kolonyal na araling Pilipino ang pinakamadalang na diskurso ng araling Pilipino na umiiral sa *Malay Journal*. Ayon naman sa talahanayan 4 at 5 ang mga artikulong nakalista sa talahanayan 11 ay partikular na napabibilang sa diskurso ng kolonyal na araling Pilipino.

**Talahanayan 11**

*Mga Artikulo ng Malay Journal na Partikular na Napabibilang sa Diskurso ng Kolonyal na Araling Pilipino*

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo | May-Akda |
|---|---|---|---|
| Set 2011 | 14 | Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino | John Paolo Rivera |
| Set 2015 | 68 | Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano | John Amtalao at Jane Lartec |

Naipakita na ng talahanayan 8 na kabilang din sa diskurso ng neutral na araling Pilipino ang dalawang artikulong ipinakita ng talahanayan 11. Hindi naman talaga tahasang sinuportahan ng mga may-akda ng artikulong ito ang kolonyal na hegemonya at kaayusan dahil katanggap-tanggap ang kanilang naunang pagkauri bilang bahagi ng diskurso ng neutral na araling Pilipino. Sa kabilang dako, may tendensiya ang dalawang artikulong palakasin ang nasabing hegemonya at kaayusan. Datapwat sa artikulong "Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino," maaaring naglalahad lamang ng kabutihang dulot ng penomenong OFW, ngunit sa pagsipat sa mabuting mukha ng nasabing penomenon ang maaaring makapagbigay ng banayad na mungkahing nararapat isulong ang nabanggit na penomenon hanggang tuluyang umasa ang ekonomiya sa dapat sanang pansamantalang remedyo ng kahirapan at kakulangan sa trabaho. Sa artikulong "Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano," tila inosenteng naglalahad ng isang mahalagang taunang selebrasyon ng mga Ilokano. Gayunman, sa paglalahad na ito at pati na ang ugat ng mga ganitong panturistang selebrasyon, makikitang may matitingkad na bakas ng oryentalismong may malalim na ugnayan sa kolonisasyon sang-ayon sa kaisipan ng Palestino-Amerikanong kritikong si Edward Said.

## Kongklusyon

Bilang paglalagom, naipakita ng papel na mas madalas binubuo ng mga artikulong nagmumula sa mga diskurso ng generic na postkolonyal na araling Pilipino at neutral na araling Pilipino ang *Malay*

bilang journal ng Araling Filipino. Nasaksihan ding gayong mas marami ang postkolonyal na artikulo kaysa neutral na artikulo sa naturang journal, may iilang artikulo itong nabahiran ng kolonyal na diskurso. Gayundin, nabatid ang pag-o-overlap ng mga diskursong kadalasang nasa pagitan ng pilipinolohiya at pantayong pananaw at sa pagitan ng neutral na araling Pilipino at kolonyal na araling Pilipino.

Sa pagkakataong ito, mainam na mas maging malinaw sa pamunuan ang hangarin ng journal sa kung ano sa limang diskurso ng araling Filipino iinog ang mga tatanggaping artikulo. Sa kabilang banda, mawawaring mas makabubuting itaguyod at palakasin ang mga panulat na may kinalaman sa neutral na diskurso at generic na postkolonyal na diskurso sa araling Filipino. Hindi lamang ito bentahe sa mas maliwanag na focus ng journal, bagkus para na rin sa mga tagapagtaguyod ng araling Filipino, intelektwal, at iskolar na may mithiing mapalawak ang sakop ng mga mambabasa. Sa paraang madaling isalin sa wikang Ingles ang nasabing naisumiteng artikulo sa journal, madaling mauunawaan ng mga banyagang mambabasa ang mga saling magagawa. Dagdag dito, nararapat ang masusing pagsasala sa pagtanggap ng mga artikulo gawa ng ilang may tendensiyang palakasin ang hegemonya at kaayusang kolonyal.

Pansamantala, mahalaga ang naging papel ng proyektong ito para sa mga mananaliksik sa araling Pilipino na may balak magsumite ng mga artikulo sa nasabing journal. Mataas ang tiyansang matanggap at mailathala ang isusumiteng artikulong nakatuon sa generic na postkolonyal kung saan binabatikos ang kolonyal na hegemonya at kaayusan. Alinsunod dito ang paggamit ng kanluraning teoryang nananatiling kanluranin o kaya hindi lubusang naisakatutubong mga konsepto.

Gayong sa paraan lamang ng paghalaw sa 50% na random sample mula sa kabuoang bilang ng mga artikulo, naging makabuluhan pa rin ang naging pag-aaral para sa mga dating mambabasa ng *Malay Journal* kung saan nga ba umiikot ang mga paksa ng panulat nito. Bukod pa na mainam rin ito sa mga bagong tatangkilik ng mga nailimbag na artikulo tungo sa kamalayan nila sa mga nararapat asahan sa nasabing journal. Sa kabilang banda, tumugon din ang pananaliksik sa araling Filipino bilang intelektwal na disiplina. Mahalaga ang nabuong metodolohiya upang maiangkop para sa susunod pang pagsusuri ng mga teksto o mga artikulo ng mapipiling journal sa araling Filipino.

## Sanggunian


Amtalao, John A., at Jane K. Lartec. "Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano/The Language of Sillag Festival as a Reflection of Culture and Identity of the Ilocano." *Malay* 27, no. 2 (2015).

Aquino, Belinda A. "How Philippine Studies began." Filipinas Magazine 1 Oct. 2000. Limbag.

Asenjo, Genevieve L. "Kinaray-a Online, Isang Love Story: Inang Wika bilang Instagram ng Alaala at Huling Museo/Kinaray-a Online, A Love Story: Mother Tongue as an Instragram of Curated Memories." *Malay* 28, no. 1 (2015).

Barbaza, Raniela E. "Ang Bayan Bilang Kapwa: Katwiran at Batas sa Hinilawod." *Malay* 26, no. 1 (2013).

Comission on Higher Education. 2009. "Guidelines for CHED Accreditation of Research Journals and Providing Incentives Therefore." Quezon City.

Contreras, Antonio. *contreraspolitics.ph*. http://contreraspolitics.ph/academic-briefs/37-mga-pagdalumat-tungo-sa-pagsasakatutubo-pilipinolohiya-sikolohiyang-pilipino-at-pantayong-pananaw (2015).

Correa, Ramilito B. "Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigidig ng Telebisyon, Pagda-Dub ng Anime, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo: Mga Patunay na 'Moog' ng Pagka-Filipino." *Malay Journal* 25.2 (2013).

Dacela, Mark Anthony L. "Breast Kanser, Seksuwalidad, at Pagbalikwas / Breast Cancer, Sexuality, and Dissent." *Malay Journal* 29.1 (2015).

Dagmang, Ferdinand D. "Ang Ethnographer / Field Worker: Sa Pagitan ng Damdamin at Isipan." *Malay Journal* 25.2 (2013).

De Leon, Emmanuel C. "Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano." *Malay Journal* 27.1 (2014).

Demeterio, Feorillo A. "Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino." *Malay Journal* 25.2 (2013).

Demeterio, Feorillo A. "Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte." *Malay Journal* 25.1 (2012).

Demeterio, Feorillo A. "Sistematikong Multilingguwalismo: Lunsaran ng mas Matatag na Wikang Pambansa." *Malay Journal* 24.2 (2012).

Demeterio, Feorillo III Petronilo at Felicilda, Joshua Mariz B. "Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko / The Inter-relationship of Language, Research, and Academic Internationalization." *Malay Journal* 28.2 (2015).

Demeterio, Feorillo. *Ferdinand Blumentritt and the Philippines: Insights and Lessons for Contemporary Philippine Studies*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2013.

Dumlao, Emmanuel V. "Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng Ating Panahon." *Malay Journal* 23.2 (2011).

Gabriel, Nancy K. "Kasaysayang Pasalita: Ang Kulturang Filipino at Karanasan ng mga Filipinong Mananaliksik sa Larangang Pasalita." *Malay Journal* 23.2 (2011).

Guillermo, Ramon. "Sariling atin: Ang nagsasariling komunidad na pangkomunikasyon sa disiplinang Araling Pilipino" na nasa *Social Science Diliman*. January – June 2016. Limbag.

Hernandez, Jose at Rhommel B. "Manipulasyon o Pakikipagkapwa: Ang Ugnayang Tao-Anito sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino." *Malay Journal* 27.1 (2014).

Hernando, Pauline Mari. "Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo / The Body Politics in the Poetry of Elynia S. Mabanglo." *Malay Journal* 28.2 (2015).

Isorena, Efren B. "Engkuwentro: Kayaw Kontra Digmang-Galera, 1565-1571." *Malay* 26.2 (2014).

Isorena, Efren B. "Conquista Maritima: Ang Kolonisasyong Espanyol mula sa Perspektibang Maritimo, 1571-1600 / Conquista Maritima: Spanish Colonization of the Philippines from a Maritime Perspective, 1571-1600." *Malay Journal* 29.1 (2015).

Jumaquio-Ardales, Alona. "K-U-L-T-U-R-A: Ang Karanasan nina Nanay Marina at Gemma tungkol sa Problema ng Pagbaha sa Brgy. Aplaya, Sta. Rosa, Laguna / K-U-L-T-U-R-A: The Experience of Nanay Marina and Gemma on the Flooding Problem in Brgy. Aplaya, Sta. Rosa, Laguna." *Malay* 27, no. 2 (2015).

Liwanag, Leslie Anne L. "Surutentayo ni Isabelo De Los Reyes: Mga Kabatiran at Aral para sa Kontemporanyong Araling Filipino." Dissertation, De La Salle University-Manila, 2018.

Madula, Rowell D. "Pakikibak(l)a: Pagsasakasaysayan ng Communist Party of the Philippines at ng Pakikibakang Pangkasarian." *Malay Journal* 25.1 (2012).

Madula, Rowell D. "Ciao! Ciao!: Pagsusuri sa mga Pananda ng Negosasyon sa Pagbuo ng Transnasyonal na Identidad ng mga Pilipino sa Venezia, Italya / Ciao! Ciao!: Analysis of Signs of Negotiations in the Formation of Transnational Identity of Filipinos in Venice, Italy." *Malay Journal* 28.2 (2015).

Manzano, Joanne V. "Ang Filipinong Seaman sa Dagat at Lupa: Mga Anyo ng Pagsasamantala sa Panahon ng Globalisasyon." *Malay Journal* 23.2 (2011).

Mendoza, Lily. *Between the Homeland and the Diaspora: The Politics of Theorizing Filipino and Filipino American Identities*. Manila: UST House, 2006.

Mojica, May L. "Ang Diskurso ng Araling Filipino ng DLSU-Departamento ng Filipino. Di-nalathalang Disertasyon. Manila: DLSU

Oco, Nathaniel, Raquel Sison-Buban, Leif Romeritch Syliongka, and Rachel Edita Roxas. "Ang Paggamit ng Trigram Ranking Bilang Panukat sa Pagkakahalintulad at Pagkakapangkat ng mga Wika." *Malay* 26, no. 2 (2014).

Pagkalinawan, Leticia. "Ang Gamit ng Filipino sa mga Talakayan sa Klasrum sa University of Hawaii / The Use of Filipino in Classroom Interactions at the University of Hawaii." *Malay Journal* 28.2 (2015).

Pante, Michael D. "Ang Sasakyan at Lansangan Bilang Paaralan: Modernisasyon ng Transportasyong Panlungsod at Lipunan sa Manila, 1900–1941." *Malay Journal* 23.2 (2011).

Pante, Michael D. "Mga Modernong Manggagawa ng Transportasyong Panlungsod ng Maynila, 1900-1941." *Malay Journal* 25.2 (2013).

Patajo-Legasto, Priscelina. "Introduction." *Philippine Studies: Have We Gone Beyond St. Louis?* Quezon City: University of the Philippines, 2008. xxiii.

"Philippine E-Journals: Top 20 Journals." Accessed December 18, 2020. https://ejournals.ph/rankings.php.

Resurreccion, Ron R. "Ang Kabilang Mukha ng Autismo: Mga Pagpapakahulugan ng mga Magulang sa Karanasan ng Pagkakaroon ng Anak na may Autismo." *Malay Journal* 26.1 (2013).

Reyes, Raniel S M. "Tungo sa Isang Deleuzian na Pagbasa ng Pagsibol ng Post-Anarkismo sa Pilipinas/Towards a Deleuzian Reading of the Emergence of Post-Anarchism in the Philippines." *Malay Journal* 29.1 (2015).

Rivera, John Paolo R., and Paolo O. Reyes. "Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino." *Malay Journal* 24.1 (2011).

Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. "Philippine Studies/Araling Pilipino/ Pilipinolohiya sa Wikang Filipino: Pagpopook at Pagdadalumat sa Loob ng Kapantasang Pilipino." *Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities* 12, no. 2 (2015).

Roxas, Rachel Edita et. Al. "Paggamit ng Natural Language Processing bilang Gabay sa Pagtuklas at Pagsiyasat ng Tema sa mga Tweet tuwing Halalan / Using Natural Language Processing in the Discovery and Analysis of Themes of Tweets during Elections." *Malay Journal* 29.1 (2015).

San Juan, David Michael D. "Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon: Ideolohikal na Kritik ng Programang K to 12 ng Pilipinas." *Malay Journal* 26.1 (2013).

San Juan, David Michael D. "Pambansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya: Isang Kritikal na Pagsusuri sa Labor Export Policy (LEP) ng Pilipinas." *Malay Journal* 27.1 (2014).

San Juan, E. "Balagtas: Proyekto Tungo sa Diyalektikong Analisis at Materyalistang Interpretasyon ng Florante at Laura /Balagtas." *Malay Journal* 26.2 (2014).

San Juan, E. "Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik." *Malay Journal* 24.2 (2012).

San Juan, E. "Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon De Jesus." *Malay Journal* 26.1 (2013).

San Juan, E. Jr. "Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden / Hypothesis Toward Synthesizing a Radical Critique of the Neocolonial Order." *Malay Journal* 29.1 (2015).

Sepeda, Bernardo N. "Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya." *Malay Journal* 24.2 (2012).

Sepeda, Bernardo N. "Pilosopiyang Pang-ekonomiya nina Recto, Tañada, at Diokno: Isang Paghahabi." *Malay Journal* 24.1 (2011).

Sison-Buban, Raquel E. "Ang Pagsasaling Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga/Technical Translation: Revisiting the Practice and Essentials." *Malay* 26 (2014).

Sison-Buban, Raquel E. "Saling Abueg: Ang Pagtatagpo ng Ideya at Praktika ng Pagsasalin= Abueg on Translation: The Intersection of Ideas and Practice of Translation." *Malay* 24, no. 1 (2011).

Tullao, Jr., Tereso S. "Mga Alternatibo Sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima." *Malay Journal* 25.1 (2012).

Ubaldo, Lars Raymundo C. "Buyo, Buyung at Bae: Ang Pagnganganga sa mga Epikong Filipino." *Malay Journal* 23.2 (2011).

Ubaldo, Lars Raymundo C. "Pagpopook ng mga Perspektiba sa Aborsiyon sa Pilipinas Batay sa mga Diskursibong Teksto, 1864-1930 /Contextualizing Perspectives on Abortion in the Philippines Based on Discursive Texts, 1864-1930." *Malay Journal* 29.1 (2015).

## Appendix A
## Listahan ng 71 na Artikulo ng *Malay Journal* Mula 2011 Hanggang 2015

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo |
|---|---|---|
| Abril 2011 | 1 | Phinotoshop at Pinacquiao na Larawan at Lipunan |
| | 2 | Si Carlos Bulosan, ang Amerika, at ang mga Babala ng Ating Panahon |
| | 3 | "May Perang Dumadaan Lang sa Palad, Merong Padala, at May Padulas Din" |
| | 4 | Kasaysayang Pasalita |
| | 5 | Ang Makrong-kasanayan sa Filipinolohiya |
| | 6 | Ang Filipinong Seaman sa Dagat at Lupa |
| | 7 | Luntiang Pamayanan |
| | 8 | Ang Sasakyan at Lansangan bilang Paaralan |
| | 9 | Ulirang Halimbawa ni Efren Abueg |
| | 10 | Buyo, Buyung at Bae |
| Setyembre 2011 | 11 | Ang Kallipolis at ang ating Kasalukuyang Lipunan |
| | 12 | Pilosopiyang Pang-ekonomiya nina Recto, Tañada, at Diokno |
| | 13 | Uran, Uran, Tagantan |
| | 14 | Mga Padalang Salapi Bilang Salik sa Pagsulong ng Pagnenegosyo ng mga Sambahayang Filipino |
| | 15 | Ang Pagbasa ng Dalawang Babae sa Nobelang Isang Babae sa Panahon ng Pagbabangon o Kung Paano Dapat Basahin si Efren Reyes Abueg |
| | 16 | Saling Abueg |
| Abril 2012 | 17 | Reaksiyon at Tugon ng mga Filipino sa Pagkontrol at Pagsugpo ng Rinderpest sa Filipinas, 1900-1930 |
| | 18 | Sistematikong Multilingguwalismo |
| | 19 | Isang Paglilinaw sa Kahulugan at Kairalan ng Pilosopiyang Filipino |
| | 20 | Isang Pagpapanibago ng Edukasyon sa Filipinas Batay sa Isang Makabayang Pilosopiya |
| | 21 | Tanggulan ng mga Mandirigmang Hinubaran |
| | 22 | Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik |
| | 23 | Ang Daigdig Ayon kay Deriada |

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo |
|---|---|---|
| Set 2012 | 24 | Kolonisasyon at mga Inuming Nakalalasing ng mga Sinaunang Bisaya ng Samar at Leyte |
| | 25 | 'Mga Tiwali sa Daang Matuwid' at ang mga Talinghaga't Tema sa Talumpati ni P-Noy |
| | 26 | Pakikibak(l)a |
| | 27 | Ang Himagsik ng Babae sa Nobelang Huling Himagsik ni Buenaventura S. Medina, Jr. |
| | 28 | Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima |
| | 29 | Muling Pagsasalaysay ni Jose Rizal ng "Ang Buhay ni Matsing at Pagong" |
| Abril 2013 | 30 | Ang Pagsasa-Filipino ng mga Panoorin sa Daigidig ng Telebisyon, Pagda-Dub ng Animе, at Paglaganap ng Wikang Filipino sa Bawat Sulok ng Mundo |
| | 31 | Dalawang Kaso |
| | 32 | Mga Modernong Manggagawa ng Transportasyong Panlungsod ng Maynila, 1900-1941 |
| | 33 | Ang Ebolusyon ng Bangka sa Austronesya |
| | 34 | Ang Ethnographer/Field Worker |
| | 35 | Mula Aswang Hanggang Manggagaway |
| | 36 | Ang Nobelang "Si Amapola sa 65 na Kabanata" ni Ricardo Lee Bilang Kontra-Diskurso ng Baklang Manilenyo Laban sa Homopobikong Kamalayang Filipino |
| | 37 | Ang Internet Bilang Espasyong Pulitikal sa Pilipinas |
| Setyembre 2013 | 38 | Mga Bayan Bilang Kapwa |
| | 39 | Isang Semyolohikal na Pagsusuri sa mga Kontradiksyong Nakapaloob sa Panlipunang Kritisismo ni Gloc 9 |
| | 40 | Pagsubok sa Isang Mapagpalayang Pagkilala't Pagtaya sa Sining ni Jose Corazon de Jesus |
| | 41 | Ang Dagat ng Ang Tawo |
| | 42 | Ang Kabilang Mukha ng Autismo |
| | 43 | Historiko-Kultural na Pagsusuri sa Pagbabawal ng Insesto |
| | 44 | Kaisipang Nasyonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon |

| Petsa ng Isyu | Bilang ng Artikulo | Titulo ng Artikulo |
|---|---|---|
| Abril 2014 | 45 | Arkitektura at Globalisasyon sa Pilipinas |
| | 46 | Engkwentro |
| | 47 | Ang Epekto ng Digmaang Pilipino-Amerikano sa Kabuhayan at Antas ng Pamumuhay sa Maynila, 1898 – 1901 |
| | 48 | Ang Paggamit ng Trigram Ranking Bilang Panukat sa Pagkakahalintulad at Pagkakapangkat ng mga Wika |
| | 49 | Motibasyon at Atityud ng Wikang Ingles sa Pilipinas at ang Implikasyon nito sa Filipino Bilang Wikang Pambansa |
| | 50 | Balagtas |
| | 51 | Ka Laya |
| | 52 | Ang Pagsasaling Teknikal |
| Setyembre 2014 | 53 | Mga Piling Pangatnig Bilang mga Pangkawing Lohikal |
| | 54 | Si Axel Honneth at ang mga Talinghaga ng mga Pagpupumiglas sa mga Awit ng Bandang Yano |
| | 55 | Sino'ng Dakila, Sino'ng Tunay na Baliw? |
| | 56 | Pambansang Salbabida at Kadena ng Dependensiya |
| | 57 | Pagdalumat sa Pamamahalang Pangwika ng Dalawang Arkipelagong Bansa |
| | 58 | Manipulasyon o Pakikipagkapwa |
| Abril 2015 | 59 | Kinaray-a Online, Isang Love Story |
| | 60 | Ang Ugnayan ng Wika, Pananaliksik, at Internasyonalisasyong Akademiko |
| | 61 | Ciao! Ciao! |
| | 62 | Ang Politika ng Katawan sa Panulaan ni Elynia S. Mabanglo |
| | 63 | Ang Gamit ng Filipino sa mga Talakayan sa Klasrum sa University of Hawaii |
| Setyembre 2015 | 64 | Pagsubok sa Pagbuo ng Isang Kritikang Radikal ng Neokolonyalistang Orden |
| | 65 | Pagpopook ng mga Perspektiba sa Aborsiyon sa Pilipinas Batay sa mga Diskursibong Teksto, 1864-1930 |
| | 66 | Conquista Maritima |
| | 67 | Tungo sa Isang Deleuzian na Pagbasa ng Pagsibol ng Post-Anarkismo sa Pilipinas |
| | 68 | Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano |
| | 69 | Paggamit ng Natural Language Processing bilang Gabay sa Pagtuklas at Pagsiyasat ng Tema sa mga Tweet tuwing Halalan |
| | 70 | K-U-L-T-U-R-A |
| | 71 | Breast Kanser, Seksuwalidad, at Pagbalikwas |